

Abiso sa Sistema ng Tulong-Panustos sa Pag-aaral sa High School F.Y. 2018

Gifu Prefecture - Board of Education

1 Layunin ng Sistema

Layunin na sa pamamagitan ng “tulong-panustos sa pag-aaral” para sa matrikula ay mabawasan ang pasanin ng mga magulang may kinalaman sa gastusing pang-edukasyon sa high school at pantay na makapagbigay ng mas makabuluhang oportunidad sa edukasyon.

2 Kondisyon sa Pagtanggap (Kuwalipikadong Tao)

Mga estudyanteng nag-aaral sa public high school at nagpa-enroll mula Abril, 2014.

Subalit, ang mga sumusunod ay hindi kuwalipikado sa pagtanggap.


- Estudyanteng nagtapos o nakumpleto na ang high school sa pampubliko man o pribado.
- Estudyanteng pumapasok sa high school ng lampas sa termino na 36 buwan (48 na buwan para sa part-time course at correspondence course).
- Estudyanteng ang guardian o magulang ay nagbabayad ng mataas sa ¥304,200 na municipal residence tax (per-income basis).
(Ang estimasyon ng taunang kita ay mga ¥9,100,000.)
- Estudyanteng pumapasok sa advance course at short-term course, mga credited auditors at auditing students.

3 Halaga ng Alawans

Ang “tulong-panustos sa pag-aaral” na ibibigay ay depende kung ilang buwan naka-enroll ang estudyante.

{Buwanang alawans sa bawat 1 unit (310 yen÷course period) }x bilang ng rehistradong unit

※Ang saklaw ng alawans para sa bilang ng unit ng correspondence course ay may kabuuang 74 units na limitado sa 30 units kada taon. At ito ay credited unit at hindi acquisition unit.



4 Paraan ng Pagbabayad

Para sa correspondence course, magbayad ng tuition fee kapag nag-umpisa na ang klase.

Ang 「Tulong-panustos sa Pag-aaral」 ay ibibigay mula sa paaralan sa pamamagitan ng bank account transfer sa susunod na araw.

5 Kinakailangang Proseso

Sa pagtanggap ng alawans, kailangan na magpasa ng application form upang maging kuwalipikado sa pagtanggap. Ipasa sa papasukang paaralan ang mga sumusunod na dokumento hanggang sa araw na tinukoy ng paaralan.

(1) Panahon ng Aplikasyon

Para sa mga 1st Year, kailangang mag-apply ng 2 beses sa isang taon.

【Ika-1】 Buwan ng Abril

【Ika-2】 Buwan ng Hunyo (Magbibigay muli ng abiso para sa proseso.)

(2) Ipapasang Papeles o Dokumento (Aplikasyon para sa buwan ng Abril.)

(a) Application Form ng Pagkilala sa Kuwalipikasyon ng Pagtanggap ng Tulong-Panustos sa Pag-aaral

(b) Alinman sa mga papeles na maaaring makumpirma ang per income basis ng municipal residence tax ng F. Y. 2017 (maaari ang xerox copy).

- 「Income o Tax Certificate」 (Mula sa munisipyo at sangay na tanggapan.)
- 「Desisyon ng Halaga ng Special Tax Collection at Abiso ng Pagbabago o Adjustment」 (Ibinibigay sa mga buwan ng Hunyo ng mga kompanyang pinagtatrabahuhan.)
- 「Kopya ng Desisyon sa Halaga ng Buwis at Tax Notice/Papers」 (Mula sa munisipyo kung self-employed.)
- 「Welfare Recipient Certificate」 (Papeles na nagpapatunay na tumatanggap ng tulong nitong Enero 1, 2018 hanggang sa kasalukuyan.)

【Mga Dapat Tandaan】

- Kung xerox copy, siguruhin na malinaw ang taon, pangalan at municipal residence tax per income basis.
- Ang municipal residence tax per income basis ng awtorisadong magulang ay mas mababa sa ¥ 290,000 at kung ang asawa ay may tax exemption for spouse, maaaring hindi na ilakip ang sertipiko ng asawa.
Kaya lang, kung ang asawa ay tumutugma sa 「special exemption for spouse」, ay kailangan rin na ilakip ang sa asawa.

※ 『Guardian』・・・karaniwan ay ang awtorisadong magulang (parehong magulang). Subalit, kung wala ang awtorisadong magulang, ang tumutugon bilang 「Guardian」 ay ang tagapag-alaga sa menor de edad, pangunahing sumusuporta sa pamumuhay o head of the family at taong kasama ng estudyante.

※Kung ang isang awtorisadong magulang ay nasa ibang bansa nitong Enero 1, 2017 hanggang sa kasalukuyan at hindi makakakuha ng tax certificate, ipasa kahit na ang tax certificate lang ng isa pang awtorisadong magulang na naninirahan sa Japan.

※Kung ang awtorisadong magulang ay nag-iisa dahil sa pagdidiborsyo ng ama at ina; bilang pamantayan, ipasa ang tax certificate ng awtorisadong magulang.

※Kung walang awtorisadong magulang, ipasa ang tax certificate ng tumatayong pangunahing sumusuporta sa pamumuhay o head of the family at kopya ng health insurance card ng estudyante.

(c) Account Transfer Request Form at Creditor Registration Form

(3) Daloy ng Proseso

Abril

Pagpasa sa paaralan ng Aplikasyon sa Pagkilala sa Kuwalipikasyon ng Pagtanggap at iba pa.

Unang Bahagi ng Hunyo


Ipapadala ng Prepektura (paaralan) ang Abiso sa Resulta ng Pagkilala sa Kuwalipikasyon ng Pagtanggap.

Marso

Ipapadala ng Prepektura (paaralan) sa inirehistrong bank account ang tulong-panustos sa pag-aaral.

(4) Taunang Proseso

Abril Mayo Hunyo Hulyo Marso Abril Mayo Hunyo



6 Mga Paala-ala

Kung sa nakalipas ay nakatanggap mismo ang estudyante ng “tulong-panustos sa pag-aaral”, ilakip ang 「Abiso sa Pagkawala ng Kuwalipikasyon sa Pagtanggap」.

- Ang mga tinatanggap na requirements (ng aplikante) ay maaaring magbabago mula sa buwan ng Hulyo 2018,

Q & A

- Q 1** Ano ang mangyayari kung hindi isasagawa ang proseso ng aplikasyon para sa “tulong-panustos sa pag-aaral” ?
- A 1 Hihilingan kayo na magbayad ng matrikula. Magbabayad rin ng matrikula kung nagpasa “aplikasyon para sa di-pagtanggap ng tulong-panustos sa pag-aaral” .
- Q 2** Ano ang mangyayari kung hindi nakapag-file ng tax return para sa F. Y. 2016 at walang mailakip na income o tax certificate ng F. Y. 2017?
- A 2 Kung hindi nakapag-file ng income tax return para sa F. Y. 2016 ay hindi maaaring mag-apply para “tulong-panustos sa pag-aaral” . Mag-apply pagkatapos mag-file ng income tax return at maaari ng maisyuhan ng income o tax certificate na ilalakip sa aplikasyon.
Sakaling hindi makapagsumite sa paaralan hanggang sa deadline ng pasahan ng aplikasyon na may kalakip na sertipiko, ang “tulong panustos” ay matatanggap sa susunod na buwan.
- Q 3** Anu-ano ang saklaw ng “tulong-panustos sa pag-aaral” maliban sa matrikula?
- A 3 Bagaman ang matrikula ay saklaw nito; ang admission fee, miscellaneous fee, gastusin sa maintenance ng pasilidad at iba pa ay hindi saklaw.
- Q 4** Paano matutukoy kung maaaring makatanggap ng “tulong-panustos sa pag-aaral” ?
- A 4 Ibabase ito mula sa halaga ng municipal residence tax per income basis ng awtorisadong magulang (kung parehong magulang, kabuuang halaga ng buwis nilang dalawa).
Kung kasama sa pamumuhay ang lolo at lola subalit hindi naman awtorisadong magulang, hindi kabilang sa computation ang municipal residence tax per income basis ng lolo at lola.
- Q 5** Mayroon pa bang kinakailangan na proseso pagkatapos ng pagkilala sa kuwalipikasyon sa pagtanggap ng “tulong-panustos sa pag-aaral” ?
- A 5 Habang naka-enroll sa paaralan, kinakailangan na magpasa ng [income report] at [municipal residence tax per income basis] taun-taon tuwing buwan ng Hunyo.
- Q 6** Hanggang kailan ang panahon ng pagbibigay ng “tulong-panustos sa pag-aaral” ?
- A 6 Nagbibigay hanggang 36 na buwan na karaniwang haba para sa pagtatapos sa high school, 48 na buwan para sa part-time course at correspondence course.
Ang ibibigay ay mag-umpisa mula sa buwan na nagkaroon ng aplikasyon ng pagkilala sa kuwalipikasyon ng pagtanggap (depende kung pumapasok mula sa umpisa ng buwan), at matatapos sa buwan kung kailan wala ng dahilan upang tumanggap (pagtatapos ng limitasyon sa pagtanggap, paghinto sa pagpasok sa paaralan, paglipat ng paaralan at iba pa).
- Q 7** Kung pansamantalang titigil sa pag-aaral, anong proseso ang kinakailangang gawin?
- A 7 Kinakailangan na magpasa sa paaralan ng abiso ng suspensyon ng pagbabayad. Gayundin, kung papasok muli sa paaralan, kailangan na magpasa ng abiso para sa pagpapatuloy ng pagbabayad kalakip ang income report.
Mula sa susunod na buwan na kung kailan nagpasa ng abiso sa suspensyon at pagpapatuloy ng pagbabayad ang umpisa ng suspensyon at pagpapatuloy sa pagbabayad ng tulong-panustos sa pag-aaral.
Kung magpapahinga o hihinto sa pagpasok sa paaralan ng walang abiso ng suspensyon sa pagbabayad, hindi magbibigay ng “tulong-panustos sa pag-aaral” dahil lalampas ito sa 36 na buwan (48 na buwan para sa part-time course · correspondence course) na panahon ng pagbabayad.
- Q 8** Ano ang kinakailangang proseso kung matapos makapagpasa ng application form ay ikinasal o kaya ay magpakansela o magkaroon ng pagbabago sa guardian?
- A 8 Sakaling mayroong pagbabago, kailangan na magpasa ng tax certificate ng guardian kalakip ng income report form. Sa ganitong pagkakataon, makipag-ugnayan sa bawat tanggapan ng high school.